# Ang mga Natitirang Mamamayan ng Diyos



## WARM-UP

- Magkuwento tungkol sa posisyon ng pagtulog at uri ng tulugan na pinakamaginhawa para sa iyo.
- Naranasan mo na ba ang maling paggabay ng isang *app* na nagbibigay ng mapa o direksyon? Ano ang nangyari?
- Sino ang taong pinaka pinagkakatiwalaan mo. Bakit?

## WORD

*Darating ang araw na ang mga natitirang Israelitang lahi ni Jacob ay hindi na magtitiwala sa Asiria na nagpahirap sa kanila. Magtitiwala na sila sa PANGINOON, ang Banal na Diyos ng Israel.* **ISAIAS 10:20**

(Basahin din ang **ISAIAS 10:21–25; 12:1.**)

Ibinigay ni Isaias ang propesiyang ito matapos ibigay ng Diyos ang Kanyang hatol sa Kanyang mga mamamayan dahil sa kanilang pagmamataas, kayabangan, pagkamakasarili, at mga ginagawang kawalan ng katarungan. Upang husgahan ang Israel, gumamit ang Diyos ng ibang bayan: ang Asiria. Pagkatapos ay hinusgahan din ng Diyos ang Asiria dahil sa kasamaan at pagtangging lumapit sa Kanya. Subalit ipinakita ng Diyos ang Kanyang katapatan sa pagpapanatili ng isang grupo ng mga Israelita para sa Kanya. Ngayon, titingnan natin ang ilang bagay na maaari nating matutunan sa paghusga na natanggap ng mga mamamayan ng Diyos.

### 1 Ang Diyos ay tapat sa gitna ng ating mga pagsubok.

*24 Kaya sinabi ng Panginoong DIYOS na Makapangyarihan, "Kayong mga mamamayan ko na naninirahan sa Zion, huwag kayong matakot sa mga taga-Asiria kahit na pinahihirapan nila kayo katulad ng ginawa sa inyo ng mga Egipcio. 25 Sapagkat hindi magtatagal at mawawala na ang galit ko sa inyo at sa kanila ko naman ito ibubuhos hanggang sa mamatay sila."* **ISAIAS 10:24–25**

Tiniyak ng Diyos sa Israel na lilipas din ang Kanyang galit at ang Asiria—ang ginamit Niya upang magdala ng Kanyang paghatol (Isaias 10:15)—ay tatanggap din ng Kanyang paghatol dahil sa kanilang kasalanan. Ipinakita Niya ang Kanyang kabutihan sa Kanyang mga mamamayan sa pamamagitan ng pagpapanatili ng kanilang ugnayan sa Kanya gamit ang mga pagsubok at paghihirap. Ganto din Siya sa atin. Sa Kanyang katapatan, pinapanatili Niya ang Kanyang ugnayan sa atin habang pinagdaraanan natin ang pagsubok sa buhay. Tinitiyak Niya sa atin ang Kanyang presensya at kalakasan sa gitna ng anumang pinagdadaanan natin, at palalakasin Niya tayo sa pamamagitan nito, kahit pa hindi natin ito nauunawaan sa panahong pinagdaraanan natin ito. Naranasan mo na ba ang ginhawa na dala ng katapatan ng Diyos sa gitna ng mga paghihirap? Kahit pa wala kang pananampalataya, paano mo naranasan ang Kanyang katapatan (2 Timoteo 2:13)?

## 2 Ang Diyos ay mapagkakatiwalaan nang higit pa sa lahat ng bagay.

*Darating ang araw na ang mga natitirang Israelitang lahi ni Jacob ay hindi na magtitiwala sa Asiria na nagpahirap sa kanila. Magtitiwala na sila sa Panginoon, ang Banal na Diyos ng Israel.*

**ISAIAS 10:20**

Bago ipinadala ng Diyos ang Kanyang hatol sa Kanyang mamamayan, ang mga Israelita ay naglalagay ng mga tao sa pedestal at humihingi ng kasiguraduhan mula sa kanila. Subalit ang kagustuhan ng Diyos ay ang magtiwala tayo sa Kanya at umasa sa Kanya nang higit sa iba. May mga pagkakataon na kailangang tanggalin ng Diyos ang anumang nagbibigay sa atin ng katiyakan upang magtiwala tayo sa Kanya lamang, ang tanging matatag na pundasyon. Paano ka naturuan ng mga pinagdaanan mong pagsubok upang mas magtiwala sa Diyos lamang?

## 3 Ang Diyos ang nagbibigay sa atin ng ganap na tagumpay at ginhawa.

*Sa araw na iyon, aawit kayo: "PANGINOON, pinupuri ko kayo. Nagalit kayo sa akin, pero hindi na ngayon, at ngayo'y inaaliw n'yo na ako."* **ISAIAS 12:1**

Sa huli, makikita natin na ang lahat ng bagay ay magsasama-sama at bubuo ng dakilang layunin ng Diyos, na lalagpas pa sa ating personal na buhay at higit pa sa ating mga suliranin. Ang mga propesiya ni Isaias ay nagbigay sa mga Israelita ng katiyakan na mag-iiwan ang Diyos ng isang grupo mula sa kanilang lahi at sa huli, pasasalamatan nila ang Diyos sa paghupa ng Kanyang galit at pagbibigay sa kanila ng ginhawa. Habang pinagdadaanan natin ang mga pagsubok, maaari tayong magpasalamat sa Diyos sa Kanyang kapangyarihan at pagmamahal na humuhubog sa ating pagkatao at naglalapit sa atin sa Kanya, upang tayo at magtiwala at magkaroon ng katiyakan na bibigyan Niya tayo ng kalayaan at ginhawa. Paano mo naranasan ang ginhawang nagmumula sa Diyos habang pinagdadaanan mo ang mga pagsubok sa buhay?

## APPLICATION

- Ano ang isang pagsubok na pinagdaanan mo o pinagdadaanan mo ngayon na hindi mo pa nauunawaan? Paano ka nagkaroon ng katiyakan sa katapatan ng Diyos sa buong pagsubok na ito?
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung may inilalagay kang ibang tao sa pedestal ng pagtitiwala na dapat ay para sa Kanya lamang. Paano mo masisimulang matagpuan ang ganap na katiyakan sa Diyos?
- Balikan ang nakaraan at ilista ang mga pagkakataon na binigyan ka ng Diyos ng kaginhawaan. Parangalan Siya sa pagbibigay Niya sa iyo ng kalayaan at katapatan. Sa palagay mo, paano ka nito maihahanda sa mga maaaring mangyari sa hinaharap?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa matapat Niyang pagbibigay sa iyo ng tagumpay sa bawat paghihirap at pagsubok na kinakaharap mo. Pasalamatan ang Diyos sa pagiging matapat sa ipinangako Niyang ugnayan sa Kanyang mga mamamayan.
- Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos ang mga bagay na inilalagay mo sa pedestal ng pagtitiwala at katatagan. Hingin mo sa Kanya ang biyaya upang magawa mong magtiwala sa Kanya lamang.
- Ipanalangin ang iyong mga kapamilya o kaibigan na kailangang paalalahanan tungkol sa katapatan at kalayaan na dala ng Diyos. Hingin sa Diyos na gamitin Niya ang iyong pananalita at pamumuhay upang akayin sila palapit sa Kanya.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph